

# Linmipaw

hango sa pinagsamang mga salaysay  
nina Arfonso Nacleo at Mateo  
Fiangaan

Noong unang panahon, may magkapatid na sina Matur-i at Linmipaw. Isang araw, pumunta ang magkapatid sa Finaruy upang tingnan ang mga bitag na isinalang nila. Tumuloy muna sila sa kanilang apor na isang kuwebang bato.

“Magpaapoy ka at pupuntahan ko ang ating mga bitag na pang-ibon,” utos ni Matur-i kay Linmipaw. “Titingnan ko rin ang mga bitag nating panghayop. Maghanda ka na rin ng paglulutuan para mayroon tayong uulamin kapag may huli tayo.”

Sumang-ayon si Linmipaw dahil mas nakatatanda sa kanya si Matur-i. Gumawa si Linmipaw ng apoy at nag-igib. Pagkatapos, naghanda siya ng mapaglulutuan.

Abalang-abala si Linmipaw kaya’t nagulat siya nang bigla na lamang nabiyak ang isang malaking bato at nakita niya sa loob ang isang dalaga. Dalagang *allukoy* o engkantada. “Naghahanap ako ng mapapangasawa at ikaw ang napili ko,” sabi ng allukoy. “Halika rito at maging mag-asawa na tayo.”

“Sandali,” sagot ni Linmipaw. “Hintayin muna natin ang kapatid ko.”

“Hindi, halika na, dahil kung hindi, tatakpan kita ng bato at hindi ka na makikita ng kapatid mo,” banta ng allukoy.

Dahil wala nang magagawa si Linmipaw, lumusong siya sa bato at nakita na lamang niyang nasa daigdig na siya ng mga allukoy.

Nang magbalik si Matur-i, nagtaka siya nang makita niyang nasa pagitan ng bato si Linmipaw at nakabaon sa bato ang kanyang mga paa. “Anong ginagawa mo diyan?” tanong ni Matur-i.

“Dinaramdam ko Kuya, napilitan akong makipag-asawa sa isang allukoy,” sagot ni Linmipaw.

“Hindi maaari. Sabihin mo na uuwi muna tayo para makapagpaalam ka sa ating ama dahil baka isipin niyang pinatay o sinaktan kita,” sabi ni Matur-i.

“Hindi ako makakaalis dito,” sagot ni Linmipaw. “Sabihin mo na lang kay ama na pumunta kayo dito para makausap ninyo ako.”

“Ngunit matanda na ang ating ama at hindi na makalakad.”

“Ipagpaumanhin na lang kung ganoon. Wala naman akong ibang magagawa,” sabi ni Linmipaw.

“Siya, kung ganoon,” malungkot na tugon ni Matur-i. “Lulutuin ko na itong ligaw na kalapati para ulamin natin.”

“Huwag na Kuya, sa iyo na lamang iyan,” sabi ni Linmipaw. “Marami palang sari-saring pagkain dito sa daigdig ng engkanto. Maraming manok at baboy. Kapag dumalaw ka sa akin, kukuha ako ng mga hayop na mailalagay mo sa iyong tuhog.”

“Ngunit kataka-taka naman iyan,” sabi ni Matur-i. “Baka hindi ako paniwalaan ni ama kung ikukuwento ko ang mga pangyayaring ito.”

“Huwag kang mag-alala, Kuya, paniniwalaan ka ni ama,” sabi ni Linmipaw. “Sa muling pagdalaw mo, makikita mong unti-unti akong matatapan ng batong kinaroroonan ko. Makalipas ang isang taon ng paglagi ko rito, magiging hanggang tuhod ko na ang bato. Pataas ito nang pataas

hanggang hindi mo na ako makita. Ngunit nandito pa rin ako at maaari pa rin tayong makapag-usap.”

Makalipas ang isang taon ng pagdalaw-dalaw ni Matur-i kay Linmipaw, umabot na hanggang tuhod ni Linmipaw ang batong nakatakip sa kanya. Nakakapagkuwentuhan pa rin sila. Kung minsan, bagama’t maaga pa at hindi alam kung ano na ang oras, nagpapaalam na si Matur-i. “Uuwi na ako dahil baka gabihin ako.”

“Mamaya na. Magkuwentuhan pa tayo. Malayo pa ang takipsilim,” sabi ni Linmipaw. Sa kinaroroonan ni Linmipaw alam niya kung gaano pa katagal bago lumubog ang araw. Kapag alam niyang malapit nang dumilim, saka niya sinasabi kay Matur-i na oras nang umuwi. Pag gayon, sinasabi niya sa kapatid na tingnan na ang mga bitag dahil naghulog na siya ng hayop doon para maiuwi ni Matur-i.

Minsan, nagtataakang tinanong ni Matur-i si Linmipaw kung saan nanggagaling ang mga hayop na inilalagay ni Linmipaw sa bitag. “Halika dito at silipin mo,” paanyaya ni Linmipaw kay Matur-i. Sa isang di makitang puwang sa bato, ipinasilip ni Linmipaw kay Matur-i ang daigdig ng engkanto. Napakaraming nakakulong na baboy at usa ang nakita ni Matur-i.

“Nakakulong naman palang lahat ang mga hayop, papaano sila napupunta sa bitag?” tanong ni Matur-i.

“Kapag nagkatay kami ng hayop dito, matapos naming kainin ay inilalaglag namin ang mga buto sa iyong bitag. Pagkalaglag ng mga buto sa daigdig ng mga tao, muling nabubuhay ang hayop,” paliwanag ni Linmipaw.

Naintindihan na ni Matur-i kung bakit hindi na gaanong malakas ang hayop na nakukuha niya sa kanyang bitag. “Hindi ba maaaring huwag n’yo na munang katayin ang mga hayop para mas masarap kainin?” tanong niyang muli kay Linmipaw.

“Mahahirapan kang hulihin ang mga hayop kung hindi muna namin kakatayin,” sagot ni Linmipaw.

“Subukan lang kaya natin?” tanong ni Matur-i.

Naglaglag si Linmipaw ng buhay na baboy-damo sa bitag ni Matur-i. Hindi mahuli ni Matur-i ang hayop dahil hindi niya ito matusok ng *furfug* kahit gaano siya kaliksi. Nakakailag ang baboy-damo at nakatalon pa itong palabas ng bitag. Kakaiba ang lakas ng mga hayop kapag hindi muna sila nakatay sa daigdig ng engkanto.

“Oo nga, totoo ang sinasabi mo,” may pagkamanghang pag-amin ni Matur-i kay Linmipaw.

“Hindi bale, 'yung mga bagong kain lamang na mga hayop ang ilalaglag ko sa iyong bitag para mas sariwa mo pang makukuha ang mga ito,” sabi naman ni Linmipaw.

Minsan nasabi ni Linmipaw, “Kuya, sa susunod na magkaroon ng kasiyahan, pakiusap lang, dalhan mo naman kami ng taba ng baboy para magkalangis kami.”

“Iyon lang pala. O sige, dadalhan kita,” sagot ni Matur-i.

Lumakad pa ang mga taon at umabot na sa baywang, sa dibdib, at sa ulo ni Linmipaw ang nakatakip na bato. Hindi pa rin umuuwi nang walang dalang hayop si Matur-i dahil laging nilalagyan ni Linmipaw ng mga ibon, baboy-damo at usa ang kanyang mga bitag.

Nang minsang dumalaw si Matur-i, kinumusta niya si Linmipaw. “O, ilan na ang anak ninyo?” tanong ni Matur-i.

“Tatlo na. Dalawang babae at isang lalaki,” natutuwang sagot ni Linmipaw.

Nagbago ang timpla ng mukha ni Matur-i. “Ikinalulungkot ko, may dala akong masamang balita,” sabi niya. “Malubha na ang ating ama at baka hindi na siya magtagal.” Lubos na nalungkot si Linmipaw.

“Kinakabahan akong wala tayong maipakain sa mga tao kapag pumanaw si ama,” sabi ni Matur-i.

“Huwag kang mag-alala, Kuya. Kapag pumanaw si ama, manghiram ka na muna ng hayop sa kung sino man ang may alaga at sabihin mong papalitan mo na lang ng iba. Pagkatapos, pumunta ka rito’t maglalagay ako sa bitag mo ng pamalit sa hiniram mo,” sabi ni Linmipaw.

Nang mamatay ang ama nina Matur-i at Linmipaw, nanghiram si Matur-i ng isang malaking baboy para katayin at ipakain sa mga taong nakikiramay. Nakipagkasundo siya sa may-ari na papalitan niya ng tatlong baboy-damo ang baboy dahil malaki ito.

Dalawang linggo matapos mailibing ang kanilang ama, nagpunta si Matur-i sa gubat ng Finaruy para kausapin si Linmipaw. “Nailibing na ang ating ama,” sabi niya.

“Mabuti kung gayon. Ilan nga pala ang kapalit doon sa ipinakain ninyong hayop?” tanong ni Linmipaw.

“Napag-usapan naming tatlong baboy-damo ang kapalit ng kanyang malaking baboy,” sagot ni Matur-i.

Nagkatay ng tatlong baboy-damo si Linmipaw at inilaglag niya iyon sa bitag ni Matur-i. Muling nabuhay ang mga baboy damo. “Sige, tingan mo na Kuya. May mga baboy-damo na sa iyong bitag. Mapapalitan mo na ang baboy na hiniram mo,” sabi ni Linmipaw.

Umuwi muna si Matur-i sa Fiallig para magpasama sa mga anak ng pinagkakautangan niya dahil hindi niya kayang buhatin ang mga baboy-damo nang mag-isa.

Nang maiuwi na nila ang tatlong baboy-damo, sinabi ni Matur-i sa kanyang kapit-bahay, “Katulad ng napag-usapan natin, tatlong baboy-damo kapalit ng isang baboy mo.”

“Hindi, dalawa na lang,” sabi naman ng lalaki. “Tatlo nga ang sinabi kong kapalit sa baboy ko ngunit sa iyo na ang isa bilang tanda ng pakikiramay ko sa pagkamatay ng iyong ama.”

Nagpasalamat si Matur-i sa lalaki.

Lumipas ang panahon at tuluyan nang natakpan ng bato si Linmipaw. Isa na rin siyang ganap na allukoy. Tuloy-tuloy pa rin ang pagdalaw ni Matur-i at ang pag-uusap nilang magkapatid. Sa tuwing umuuwi si Matur-i, lagi pa rin siyang may dalang mga hayop na inilalaglag ni Linmipaw sa kanyang bitag.

Hanggang ngayon, nag-aalay pa rin ng taba ng baboy ang mga mangangaso tuwing pumupunta sila sa gubat. At hanggang ngayon, naniniwala ang mga lfiiallig na kapag may huli ang kanilang mga bitag, biyaya ito ni Linmipaw na isa nang allukoy na walang kamatayan.